



## ANG BUHAY MAY-ASAWA

Ang mabuting ugnayan ng mag-asawa ay isang mahalagang sangkap para sa katatagan ng pamilya at lipunan sa kabuuan. Ito rin ang saligan ng paghahanda sa kabataan at matagumpay na henerasyon. Ang banal na Koran ay nagpahayag ng mga alituntunin tungo sa katatagan at katiwasayan nito. Ang pinakamahalaga sa mga alituntuning ito ay ang pagdadamayan at pamumuhay na magkakasama na pinatitibay ng pagmamahalan, seguridad, pagkakabuklud-buklod at katatagan. Isa pang kahalagahan ng buhay may-asawa ay ang maaliwalas na pakiramdam at pagkalugod na siyang bunga nito, na magiging daan tungo sa kaginhawahan, at pagtutulongan sa oras ng pangangailangan. Sapagkat inaasahan mula sa mag-asawa ang pagdadamayan sa panahon ng kahirapan, kasama ang pagmamahal at pagkahabag.

Kabilang sa saligan ng buhay may-asawa, ay ang pakiramdam ng pagiging buo sa pagitan ng mag-asawa. Ito ang ipinahiwatig ng banal na Koran nang sabihin ng Allah: [Silang mga babae (asawa) ay damit ninyo, habang kayo naman ang damit nila] Al-baqarah 187.

Datapuwat, ang responsibilidad ng kababaihan ay hindi kayang gampanan ng mga kalalakihan gayunding ang obligasyon ng mga kalalakihan ay mabigat para sa kababaihan. Kaya't kapag ang pagsasama ng babae at lalaki ay naging buo ay katotohanang kanilang makakamtan ang minimithi bilang mag-asawa. Ito ay magbubunga na isang maligayang pamamahay sa kapahintulutan ng Allah.

Katotohanang ang buhay may-asawa ay isang samahang ang pangunahing saligan ay ang pagkakaintindihan, na kung saan batid ng lalaki ang mga katangian ng kanyang asawa, kaya't hindi niya ito pinahihirapan sa gawaing-bahay, at kanyang iniitindi ang mga pagkukulang niya. Katotohanang ang Sugo ng Allah(saws) ay nagbigay ng payong ito:

[ Pakitunguhan ninyo ng mabuti ang inyong mga asawa] Napagkasunduan nina Al-bukhari at Muslim.

Kailangan ring intindihin ng babae ang likas na pagkatao ng kanyang asawa, gayundin ang mabibigat na obligasyong iniatas sa kanya ng Allah, nang sa gayon ay magampanan niya ang pagkalinga sa kanyang asawa at mga anak. Katotohanang sinabi ng Sugo ng Allah(saws) nang siya ay tinanong kung ano ang katangian ng pinakamabuting babae:

[ Siya ang babaeng nasisiyahan ang asawa kapag siya'y nakikita, sumusunod kapag mayroong ipinag-utos ang asawa, at hindi sumusuway patungkol sa kanyang sarili at kayamanan ng lalaki na ikamumuhi nito] An-nasai 3231.

Ilan sa mga gawaing magpapatibay sa samahan ng mag-asawa, ay ang pagtutulungan sa paglutas sa mga pagsubok na kinakaharap ng pamilya. Katiyakang lahat ng pamilya ay mahaharap sa iba't-ibang hamon at kahirapan tulad na pagpapalaki sa mga anak at kabi-kabilang mga obligasyon sa trabaho na siyang nagiging dahilan minsan ng problema sa pagitan ng mag-asawa. Katotohanang ang mga kasamahan ng Sugo(saws) noon ay nagtutulungan sa paglutas sa mga suliraning kinahaharap ng pamilya. Isa sa kanila si Abu Darda'(ra), sinabi niya sa kanyang asawa:" Kapag ako ay nakita mong nagagalit ay pasayahin mo ako, at kapag ikaw naman ay nakikita kong nagagalit ay pasasayahin kita, sapagkat kung hindi ay hindi tayo maaaring magsama". [Al-aqid Al-farid 2/436].

Ang mabuting asawang babae ay siyang nagpapaalala sa asawa tungkol sa pagkatakot sa Allah kapag ito ay nagkamali, at kapag nakita niyang ang asawa ay nalulong sa mga makamundong bagay ay kanya itong pinaaalalahanan tungkol sa kabilang-buhay. Kanyang tinutulungan ang asawa sa pagharap sa mga pagsubok ng buhay, hindi isinisiwalat ang mga lihim nito at hindi niya ito tinataasan ng boses. Siya ay tumutulong sa paggawa ng kabutihan sa mga magulang ng lalaki, sapagkat sila ang nagpalaki sa kanya. Ang mabuting asawang babae ay hindi nagtatanim ng poot sa mga pagkakamali ng asawa at hindi niya ito ipinagkakalat. Kanya ring pinangangalagaan ang kayumihan maging nandiyan man ang asawa o wala. Hindi rin siya nagpapabigat sa asawa at hindi humihiling ng mga bagay na hindi makakayanan ng huli. Ang pagtalima sa Allah ang kanyang pinahahalagahan at ang mabuting pagpapalaki sa mga anak.

Ang mabuting asawang lalaki naman, ay siyang nagtataguyod sa pamilya sa pamamagitan ng pagmamahal. Siya ay mabuting nakikitungo sa kanila, nagpapakumbaba at malumanay sa kanila. Siya ay lubos na nagpapahalaga sa pamilya at kapakanan nila, at nagpapaumanhin kapag kinakailangan , mahinahon kapag nagagalit, kapag nag-utos ay may katuturan at tapat sa kanyang mga pananalita. Katotohanang sinabi ng Sugo ng Allah(saws): [ang mananampalatayang may pinakaganap na pananampalataya ay siyang may pinakamabuting pag-uugali, at ang pinakamabuti mula sa inyo ay siyang pinakamabuting makitungo sa kanilang mga asawa.] At-tirmidhi 1162.

Yaon ang buhay ng isang mananampalataya sa loob ng pamilya. Katotohanang sa loob ng kanilang mga pamamahay ay matatagpuan ang pagmamahalan, pagdadamayan, sila ay napupuno ng kapanatagan at nagpapaalala sila sa isa't-isa tungko sa kabutihan. Sila rin ay nag-uunahan sa paggawa ng kabutihan, at kanilang inaalala ang Allah sa panahon man ng kaginhawahan o kagipitan.